

PROLOGUE

Nasa library ng ancestral home ng mga Gerona ang bereaved family ni Demetrio Gerona Sr. Namatay ito sa katandaan limang taon matapos namayapa ang esposa nito. Kalilibing lamang dito isang linggo na ang nakakaraan. Nang mga sandaling ito ay kausap ng naulilang pamilya ang abogado nitong si Atty. Magtanggol, at tinatalakay nila ang tungkol sa last will and testament ng yumaong matandang lalaki.

Mayaman ang mag-asawang Gerona. Parehong matagumpay na stockbrokers ang mga ito. Madami silang pag-aaring real estates. Stockholders din ang mga ito ng ilang malalaking korporasyon sa bansa.

Anim na apo ng mga ito ang naroroon sa library, ang magkakapatid na Malcolm at Maeve, Chelsea at River, at ang mga solong anak na sina Forest at Travis.

Sa mga ito mapupunta lahat ng maiiwang pera ni Demetrio. Maliban sa isang beach house sa La Union at ang ancestral home, ipina-convert lahat ng assets and properties nito into cash. At mayroong tatanggaping tig-twenty-five million pesos each ang magpipinsan. Sa isang kondisyon: kailangang kasal na ang mga ito ng isang taon bago nila matatanggap

ang mana.

“Married means legally wed, hindi separated at hindi nasa process ng annulment ang kasal,” diin pa ng abogado.

“O, paano ‘yan, kami lang pala ni Chelsea ang mabibigyan ng mana,” tatawa-tawang sabi ni Malcolm na one year nang kasal. Magdadalawang taon namang kasal si Chelsea. At single pa ang apat na apong Gerona.

“I’m married, too.”

Napatingin ang lahat sa nagsalita.

Si Maeve.

“Kasal ka na? Kelan pa?” nagtatakang tanong ng ama nito.

“Three—about four months ago.”

1

Four months earlier...

Kalalabas lang ni Maeve kasama ang kanyang best friend na si Sunday mula sa isang bar. Pasado ala una na ng madaling-araw at bago pa sila magkalasingan ay nagpasya na silang umuwi. Siya pa kasi ang magmamaneho at maghahatid sa kaibigan sa bahay nito.

Matagal na silang magkaibigan ni Sunday. Silang dalawa na lamang ang natitirang magka-bonding sa kanilang limang magkakaibigan noong high school. Ilang taon na rin ang binuno ng kanilang pagkakaibigan.

Isang illustrator si Sunday, laging abala sa kabi-kabilang projects nito. Siya naman ay tumutulong sa kanyang pamilya sa pagpapatakbo ng kanilang negosyo, ang *Gerona Construction Supply*. Busy sila sa kani-kanyang mundo kaya naman sinusulit nila kapag nagkikita sila gaya ngayon. Nagkayayaan silang pumunta sa isang bar, makinig sa acoustic band at uminom.

Nang may namataan siyang isang pamilyar na

kotseng biglang lumiko sa kasagsagan ng traffic.

Silver *Honda Pilot* na may malaking yupi sa passenger seat door at may isang glow-in-the-dark skull topper na nakakabit sa antenna niyon. Sigurado siya, kotse iyon ng kanyang boyfriend, si Steven.

Ano ang gagawin nito sa isang motel? Sa ganitong oras ng gabi? Nangingkit ang mga mata niya.

Nang matapat siya sa motel na iyon ay nagulat si Sunday nang iliko niya roon ang kanyang pulang *GMC Acadia*.

“What the—ano’ng gagawin natin dito?” nagtataakang tanong ng kaibigan.

“Nakita kong pumasok dito ang kotse ni Steven,” sagot niyang pinipigilan ang galit na bumabangon sa kanyang dibdib.

“A-ano?”

At tama nga siya. Natanaw niya sa parking lot ang kotse. At hindi lamang iyon, natanaw niyang naglalakad patungo sa pinto ng motel si Steven. May kaakbay itong isang babae.

“Bastard!” bulalas niya.

Hindi siya selosang girlfriend. Nati-take niya kahit

nakikita niyang madaming babae ang nagpapapansin sa guwapong boyfriend—soon-to-be-ex-boyfriend niya. Hindi niya rin alintana kahit makita niyang nakikipag-bonding si Steven sa mga girls na halatang may gusto rito—gaya na lamang ng ilang workmates nito sa construction firm na pinagtatrabahuhan bilang engineer. Yup, she was a cool and level-headed girlfriend.

But not tonight. Hell, no. Motel na ito. Ibang klase ng pakikipag-bonding ang gustong mangyari ni Steven sa babaeng kasama nito ngayong gabi. Ibang usapan na ito!

Mabilis na lumabas siya ng kotse at patakpong lumapit sa nobyo. Nakabuntot naman sa kanya si Sunday.

“Hi!” kaswal na bati niya sa lalaki.

Gulat na napalingon ito. At pinanawan ito ng kulay sa mukha nang masilayan siya. “M-Maeve?”

“Ako nga. O, bakit para kang nakakita ng multo?”

Binalingan niya ang kasama nitong babae. “Hello!” aniya ritong exaggerated na pinasaya ang boses na sinamahan pa ng pekeng ngiti. Muli niyang binalingan si Steven, bahagyang nakataas ang kilay niya. “Hindi mo ba ako ipapakilala sa kanya?”

Naumid yata ang dila ng lalaki.

“I’m Maeve Gerona, Steven’s *girlfriend*,” nakangiting pagpapakilala niya sa sarili sa babae. Kahit abot-langit ang galit niya ngayon ay isinisigaw ng rasyonal na parte ng kanyang utak na huwag itong awayin. She looked clueless. Si Steven lang ang may kasalanan sa kanya. “And you are...?”

Nagtataakang napatingin ang seksing babae sa kasama, naghihintay ng paliwanag.

Lalo itong nataranta. “Maeve, magpapaliwanag ako—”

Lumagapak sa pisngi nito ang sampal na ibinigay niya rito. Magpapaliwanag? Anong klaseng paliwanag ang sasabihin nito sa kanya? Alangan namang kamag-anak nito ang babaeng kasamang papasok sa isang motel?

Tumalikod na siya at mabilis na nagmartsa pabalik sa kanyang kotse. At ang gago niyang nobyo, hindi man lang siya hinabol!

Habol? Gusto ba niyang habulin siya nito? Magpaliwanag sa kanya, suyuin siya?

No. Hindi siya tanga. Lalong hindi siya martir. Her boyfriend was cheating on her! Maliwanag pa

iyon sa full moon sa horror movies.

“What are you gonna do now?” tanong sa kanya ni Sunday pagka-start niya ng kotse.

“May kilala ka bang hired killers?”

“Maeve!” nahihintakutang bulalas nito. “Balak mo silang ipapatay?”

“Silly!” tumatawang sabi niya. “Hindi ako ganoon kasama, ano!” Bumuntong-hininga siya habang unti-unting nilulukuban ng lungkot ang galit na nadarama niya.

Halos dalawang taon na silang magnobyong ni Steven. In fact, hinihintay na lang niyang mag-propose ito sa kanya. Papayag siyang pakasal dito, alam na niya iyon at handa na siya para roon. Dahil mahal niya ang lalaki. He was even her first love. Pero ano ang ginawa nito ngayon?

Nagloko ba ito nang dahil sa ayaw niyang isuko rito ang Bataan? Matagal nang inuungot sa kanya ni Steven na mag-sex sila ngunit lagi siyang umaayaw. Gusto ni Maeve ay makasal muna sila bago niya ibigay rito sa sarili. Lubha bang mahirap para sa binata ang tanggapin iyon?

And, God! Who knows kung gaano na pala siya

katagal nitong iniiputan sa ulo?

Kinabukasan ay tumawag si Steven kay Maeve. Humihingi ito ng pasensya sa kanya.

“Pasensya?” Malakas siyang napatawa nang mapakla. “Pasensyahan na lamang ang lahat, ganoon ba?”

There was no way na makakapasok siya sa trabaho kaya nagsabi na lamang siya sa ama na siyang general manager ng *GCS* na masama ang pakiramdam niya. Ang totoo ay mainit ang ulo niya, baka makasabon lamang siya ng empleyado niya sa sales department. Bumabaligtad ang mundo kapag bad trip siya. At baka kulitin pa siya ng kanyang mga magulang at kaisa-isang kapatid kung ano ang nangyari sa kanya. Hindi pa siya handang i-share sa pamilya ang masaklap niyang kapalaran sa pag-ibig. Botong-boto pa naman ang mga ito kay Steven.

Gusto sana siyang damayan ni Sunday sa kalungkutan niya nang nakaraang gabi, pero pinairal niya ang kanyang pride. Inihatid na lang niya ang kaibigan at nagpakalunod siya sa kape buong magdamag at ilang DVDs ang pinanood niya. Pinatay niya ang kanyang cellphone, pati na ang landline

phone niya. Alas onse na ng umaga nang buksan niya ang mga iyon.

“Look, Maeve, that was just some girl I picked up in bar,” sabi pa ni Steven. “No strings attached.”

“Oh, so you think that would make me feel better? Na hindi mo sineseryoso ang babaeng iyon? So, ano mo pala ang babaeng iyon kagabi, Steven? One-night stand? Parausan mo lang?”

Mataas ang boses nito nang sumagot. “Can you blame me? For Christ’s sake, Maeve! Lalaki ako at may pangangailangang pisikal. At hindi mo naman kayang ibigay sa akin iyon! Masisisi mo ba ako kung sa iba ako maghanap? I am not a f*cking saint, all right?”

At ito pa ngayon ang may ganang magalit sa kanya?

“Kasalanan ko pa pala ang lahat ng ito!” angil niya. Masuwerte ang lalaking ito at sa phone niya lang ito kausap ngayon. Kung nagkataong magkaharap sila, baka hindi lamang sampal ang maibigay niya rito kundi sapak at sipa! “Gaano mo na ito katagal na ginagawa, Steven?” kastigo niya.

“Look, let’s just forget this, okay? Let’s get on with our lives,” pag-iwas nito sa kanyang tanong.

Nasabunutan niya ang kanyang buhok. Mahal nga niya si Steven but for God's sake, hindi siya doormat! Kung nagawa nitong makipag-sex sa ibang mga babae habang magnobyong pa sila, who's to say na hindi nito ulit magagawa iyon? Or hell, magagawa ulit nito iyon kahit kasal na sila! He had the tendency to cheat on her over and over again!

"I think mas magandang tapusin na lamang natin ang lahat ngayon, Steven," buong-tatag na pasya niya.

"Maeve, you are just mad. Wait for me, I will come to your pad and let's talk—"

"Don't bother!" asik niya.

"If you really love me, patatawarin mo ako."

"If you really love me, hindi ka magloloko!" ganti niya. "Hindi mo na binigyan ng respeto ang pagkababae ko, Steven! Kung gusto mo palang makipag-sex sa ibang babae, bakit hindi mo na lang sinabi sa akin agad para nai-break kita noon pa?"

"Maeve..."

"I don't wanna see you anymore. Goodbye," aniya at ibinaba na ang telepono.

She was surprised at herself. Hindi man lang siya

umiyak dahil sa matinding galit. Well, hindi talaga siya iyaking tao. Naalala pa niyang pinanood nilang magkakabarkada noon ang *Titanic* at ang mga ito ay halos ngumawa sa sinapit ng mga tao sa pelikulang iyon. Except her. Sa tingin niya ay hindi naman siya pusong bato. Hindi lang siya talaga madaling umiyak.

Inilayo ni Linus ang cellphone mula sa kanyang kanang tainga nang mag-umpisang magtalak ang Lolo Ben niya.

“How could you do that to Darlene? Apo siya ng matagal ko nang amigo, *por Dios por santo*, Joseph Linus!”

“Lo, sabi ko na sa inyo, ayaw ko talaga sa babaeng iyon. Kayo lang naman ang mapilit na i-date ko siya,” palusot niya.

Si Darlene ay matagal nang imina-match sa kanya ng pamilya niya. Apo ito ng isang senador at isang magandang commercial model. At para matigil na ang mga ito sa kakukulit sa kanya, pumayag siyang makipag-date sa dalaga. Hindi niya inaasahang magkakagusto ito sa kanya. At bago pa lumalim ang nararamdaman nito para sa kanya, he told her they should start seeing other people. Masama ba ang

ginawa niya? Nagpapaka-honest lang naman siya. Maganda si Darlene, pero hindi niya ito type.

Siya kasi iyong tipong hindi basta-basta na lang naakit sa panlabas na kaanyuan ng isang babae. Naakit din naman siya sa iilang babae pero mababaw lamang iyon; purong tawag lang ng laman. Nothing special. Wala pa siyang na-e-encounter na magandang babaeng nagpatulala sa kanya o gumulo sa kanyang buong sistema.

Sa loob ng panahong pagdi-date nila ni Darlene, wala siyang madamang anuman dito kundi fondness lamang para sa isang kaibigan. He even ignored her sexual advances. Ayaw niyang samantalahin ang pagkakataon. He knew that she was extremely attracted to him, pero ayaw niyang maging rason iyon para patulan sa kama ang babae. She was young and too naïve para malaman nito ang consequences ng susuunging sitwasyon. She was barely twenty-one, for Christ's sake!

“Sinaktan mo ang damdamin niya!”

Kung hindi lang niya iginagalang at sobrang mahal ang abuelo ay binabaan na niya ito ng telepono. Pero malaki ang respeto at pagmamahal ni Linus rito. Halos lumaki siya sa poder nito. Ipinamana rin nito sa kanya ang *Polaris*, isang malaking sports club.

“I was just being honest to her. Mas masasaktan siya kung papatagalin ko pa ang pagdi-date naming alam ko namang walang patutunguhan. And, Lolo, next time, leave my love life alone. Huwag na po kayong mangialam sa apo n’yo pagdating sa bagay na iyan, okay?”

“Nag-aalala lang ako sa ’yo, Linus. Aba’y puro na lamang yata trabaho ang alam mong gawin. Hindi na kita nakikitang lumalabas na may kasamang babae.”

Tumawa siya. Mayamaya lamang ay natapos na ang pag-uusap ng maglolo. Napaisip siya sa sinabi ng matanda.

Lately ay masyado na nga yata siyang okupado ng tungkulin niya bilang CEO ng *Polaris*. Halos wala na siyang social life. But he didn’t mind. Masaya siya sa ginagawa niya.

Kaya? Hindi man niya aminin, lately ay nabobore na siya sa takbo ng buhay niya. He wanted to do something big, something extraordinary... something that he had never done before. Pero ano naman kaya iyon? Halos nalibot na niya ang buong mundo dahil lagi siyang isinasama ng kanyang lolo sa out-of-the-country trips nito. Kung sa sports naman, sawa na siya sa mga pinaggagagawa niya sa *Polaris*.

Girls? Nah, they were the least of his concern. Panira lamang sila sa routine niya sa buhay. Matigas ang ulo niya at may pagka-control freak pa naman siya. Ayaw niyang pinapakialaman ang mga plano niya. And he believed that having a serious relationship with a girl would ruin his life. Tama nang nakikipag-date siya once in a blue moon.

Hindi naman siya nagmamadaling mag-asawa. He was only twenty-seven—twenty-eight in five months. But what the hell? Mag-aasawa siya kung kailan niya gusto. Maybe to a girl that would knock him off his feet...

Napatawa siya sa loob-loob. *Kalokohan!*

Pagkuwan ay natagpuan na lamang niyang hinahamon ang sarili. Sige nga, paano pag isang araw ay nakatagpo siya ng babaeng maganda na magpapatulala sa kanya?

Puwes, pakakasalan ko siya agad!

2

Hindi naiwasan ni Maeve na i-reassess ang sarili dahil sa ginawa ni Steven. Aside from not giving in to his sexual advances, nagkulang ba siya sa ibang aspeto sa kanyang nobyo?

Of course not.

Masasabi niyang siya na yata ang pinaka-level-headed girlfriend sa buong mundo. Hindi siya selosa at lalong hindi siya nagger. Hindi siya iyong tipong laging naghahanap ng atensyon, o laging nagtatanong ng whereabouts ng nobyo. She let him lived his own life outside their relationship. Hinayaan niya itong lumabas kasama ang barkada nito na hindi siya kasama at ganoon din naman ito sa kanya. Kanya-kanya silang lakaran kasama ang mga kaibigan.

Hindi siya marunong magselos. Kaya nga hindi niya inaway iyong babaeng nakita niyang kasama ni Steven na papasok sa motel just because she couldn't see the point. Kahit alam nito na may nobya si Steven, hindi pa rin niya ito sisihin dahil pumayag ang lalaki na magkaroon ng ugnayan dito. He could've said no, right? Hindi ito magpapatukso kung ayaw nitong patukso. Pupuwede naman itong umiwas kung

gugustuhin nito kahit may tumihaya pang babae sa harapan nito. Kung talagang mahal siya nito, hindi ito papatol sa ibang babae kesehodang tutukan pa ito ng shotgun!

Kaya si Steven ang solong sinisisi niya sa pangyayaring ito. That bastard! Pagkatapos ito pa ang may ganang isisi sa kanya ang lahat kung bakit ito naghanap ng kandungan ng ibang babae? What a freaking loser!

Ilang beses din itong nag-attempt na makipag-usap sa kanya ngunit tigas siyang tumanggi. When she said it was over, she meant every word of it.

Halos isang buwan na rin pala ang lumipas. Ni hindi niya namalayan ang pag-usad ng mga araw.

Tiningnan ni Maeve ang repleksyon sa life-size mirror sa loob ng kanyang banyo matapos niyang magbabad sa bathtub. Inalis niya ang bathrobe at masusing pinagmasdan ang kabuuan ng kanyang katawan. She stood five feet eight inches tall. Her skin was flawless, light brown and even-toned. Impis ang kanyang tiyan, ang kanyang mga braso ay firm at mahubog ang kanyang mahahabang hita at binti. Her breasts were firm and full, mahaba ang makinis niyang leeg na lalong na-enhance sa buhok niyang maigsing pixie cut. And her heart-shaped face...

maganda raw ang mukha niya sabi ng ibang tao. She didn't give a damn, though. Hindi siya masyadong conscious sa hitsura. She always considered herself to be plain-looking and just ordinary. Not that mababa ang self-esteem niya. Wala lang siyang pakialam sa panlabas na kaanyuan.

Pero ngayon, parang gusto niyang lumabas at magbabad sa salon. Magpa-highlights ng buhok—maybe streaks of honey and red would be good on her dark brown hair. Magpa-full-body massage na rin. At mag-shopping. Gusto niyang bumili ng mga bagong damit at sapatos. Pare-pareho ang mga damit na nasa walk-in closet niya. Lahat, jeans at shirts lang. Sa work naman, slacks and blouse lagi ang outfit niya at flat shoes. Kung napupunta naman siya sa warehouse, denim pants and shirts, rubber shoes. Maybe it was about time na mag-try siyang magsuot ng ibang damit. A nice sleeveless dress would be good on her. O, iyong mga seksing damit na labas ang likod at kita ang cleavage. Carry niya siguro magsuot ng mga ganoon, tutal, maganda naman ang katawan niya.

Napabuntong-hininga siya saka muling isinuot ang bathrobe. Siguro nga, tama ang sinasabi ng karamihan na natututong mahalín ng isang babae ang sarili nito once her boyfriend dumped her. In

her case, she would not just love herself, she would pamper herself.

Bukas, magga-gala galore siya pagkagaling sa trabaho. Busy si Sunday sa pagra-rush ng projects nito dahil magbabakasyon ito ng dalawang buwan sa Norway one week from now. Pero itutuloy pa rin niya ang nakagawian nila kahit mag-isa siya; manonood pa rin siya ng sine, mamamasyal, kakain sa labas.

Maeve was always independent. Hindi niya kailangan ang ibang tao para mag-survive. Mag-isa niyang ginagawa halos ang lahat ng bagay. Nagtapos siya sa kursong Business Administration six years ago. Pagka-graduate niya sa kolehiyo ay nagsolo na siya sa condo unit na ito. Kaya rin siguro hindi siya naging masyadong clingy and needy pagdating kay Steven. She was too independent para maghanap ng lambing mula sa kanyang boyfriend. Or excuse her, ex-boyfriend na pala ngayon.

Who needs a boyfriend, anyway? tili niya sa isip.

Kung bakit na-in love pa kasi siya. Nananahimik naman at masaya ang kanyang buhay-single noon. She could survive with or without a man in her life.

Nag-inat si Linus sa kanyang swivel chair saka

hinilot ang batok. It had been a long and tiring day. He couldn't wait for the weekend to come. Kailangan niyang mag-relax. Maybe he could go to a bar or something. Lisipin niya sana ang pakikipag-date pero isang buwan na rin pala siyang dateless.

Pinipigil niya tuloy ang sarili niyang balikan si Darlene. Panay pa rin ang tawag sa kanya ng babae. Pinupuntahan din siya nito sa *Polaris*. And he must admit, once or twice, naisip din niyang balikan ang pakikipag-date dito out of sheer boredom. Pero nagpigil siya, she was way too young for a sexual relationship.

Sexual relationship... iyon nga lang ba ang kaya niyang ibigay sa mga babae ngayon? Ang kaswal na makipagniig sa mga ito, no strings attached, hindi iniisip na mag-'level-up' man lamang angtrato niya sa mga ito?

Well, ano ang magagawa niya? Nagpapakatotoo lamang siya sa kanyang sarili. At least, he was being respectful to his dates. Una pa lang, pinapaalam na niya sa mga babae ang stand niya, dahil ayaw niyang paasahin ang mga ito. Lahat naman ay pumayag sa kagustuhan niya.

Magaling siya sa kama. He was not a selfish lover na sariling pangangailangan at kasiyahan lamang

ang iniintindi. He knew how to please women and they always end up begging him for more. Wala pang babae ang hindi nasisiyahan sa kanya.

Pero ayaw man niyang aminin, nagsasawa na rin si Linus sa escapades niya sa mga babae. True, he never left them unsatisfied in bed but at the end of the day, he always felt that something was missing in his inner being. Hindi niya matukoy kung ano. Siguro naghahangad lamang siya ng mas malalim na kasiyahan aside from quenching his physical needs.

He wanted more than just physical connection during sex. He wanted to fill an inexplicable void deep inside him. Kung ano ang kakulangang iyon, hindi pa niya matutukoy. At hindi siya sigurado kung paano mapupunan iyon. It should be from a very special girl...

And, hell, no. He was not asking for love. He just wanted to fulfill his sexual desire to the core. Siguro naman, karapatan niyang hingin iyon since he had already given pleasure to countless women.

Nag-freeze sa ere ang tangan na shotglass ni Linus nang may mamataang papasok sa pinto ng kinaroroonan niyang bar sa gabing iyon.

He decided to go bar-hopping kahit nag-iisa siya.

Nababagot kasi siya sa bahay niya ngayong Sabado ng gabi. Walang mapanood na maganda sa cable TV, wala ring magandang bagong palabas sa sinehan. At sawa na rin siyang uminom nang mag-isa sa kanyang mini-bar. He was not craving for company. Gusto lang niyang mapaligiran siya ng mga tao, naririnig na nagsasalita, nag-iingay ang mga ito. In other words, gusto niyang mag-hang-out sa lugar kung saan niya makikitang buhay na buhay ang mundo. Umiikot, masaya, makulay.

But seeing a sight like this was quite unexpected...

Parang tumigil saglit ang ikot ng kanyang mundo. The loud music and the noisy people around him just disappeared all of a sudden. Sa isang iglap, natuon ang buong atensyon niya sa isang nilalang na marahang naglalakad papasok sa bar.

Isang babae—napakagandang babae. She was wearing a red dress na hapit sa katawan at isang dangkal ang taas mula sa tuhod. Mahahaba ang binti nitong may magandang hubog. At sa uri ng damit nito, kitang-kita ang alindog na dulot ng kurbada ng katawan nito. Her rich cleavage was evident because of the low neckline. At napakaliit ng baywang nito,

walang bakas ng fats ang tiyan.

Hindi niya namamalayang pigil-pigil na niya pala ang hininga kanina pa. The girl's face was astoundingly gorgeous. Halos wala itong kolorete and yet she looked fabulous and elegant. Madami na siyang nakitang magagandang babae, pero iba ang dating ng kagandahan ng babaeng ito sa kanya. She was rocking his world. Para siyang namamatandang hindi niya mawari. Hindi niya kayang ipaliwanag ang nararamdaman sa mga oras na iyon. What was with this girl that made him feel this way? Sumisirko ang buong sistema niya, bumibilis ang pintig ng kanyang puso.

Puso? Oh, damn it! May puso pala siya?

Naalala lamang na huminga ni Linus nang tumigil sa animo'y slow motion na paglakad ang babae. Nagpalinga-linga ito, naghahanap siguro ng bakanteng mesa. Marahan nitong inilipat sa kaliwang kamay ang hawak na itim na purse na terno ang kulay sa suot nitong high heels.

I want her... Iyon ang unang linyang nahabi ng kanyang lumulutang pa ring utak.

Gusto nang magsisi ni Maeve sa paglabas niyang

nag-iisa sa gabing ito. Puno ng tao ang bar na napasukan niya. Wala na yatang bakanteng mesa. Ayaw niya namang pumuwesto sa bar counter. Gusto niya ng sariling mesa, sa sulok, kung saan siya makakapanood nang tahimik sa nagpi-perform na banda.

She tucked her hair behind her ear. Muli siyang luminga-linga sa paligid. Nang isang lalaking nasa isang mesa sa sulok ang nakahuli sa kanyang atensyon. Nakatingin ito sa kanya, hindi lang basta tingin... Parang kanina pa siya nito tinititigan.

The man was in his mid to late twenties. Guwapo ito—No, that would be an understatement. Kaakit-akit ang taglay nitong kaguwapuhan. His handsome face possessed both charm and sensuality. At kahit nakaupo ito, alam niyang matangkad ito—maybe six feet or more, at maganda ang pangangatawan.

Napatulala pa siya nang ngumiti ito sa kanya.

It took her forever to smile back at him. Tumayo ito, lumapit sa kanya. Instantly, nataranta siya. Hindi niya alam ang gagawin.

Silly. Lalaki lang iyan. Bakit parang may gumagapang na kilabot at kiliti sa buo niyang katawan?

“Hi,” he greeted her. His voice sounded so masculine, with a hint of both authority and kindness. A voice that sounded low and cold yet welcoming and somewhat unguarded.

“H-hello,” bati niya pabalik.

Tumingala siya sa mukha nito. Kaagad siyang nabighani sa malalalim at maiitim nitong mata na nagtataglay ng kakaibang karisma.

“You can join me in my table,” sabi nito.

Imbis na sumagot ay muling naghanap ang kanyang paningin ng bakanteng mesa sa paligid. Bigo siya.

“Okay,” pagpayag niya. Strange pero wala siyang maramdamang panganib mula rito. Nagtitiwala kaagad siya sa estrangherong ito. Bagay na lubha niyang ipinagtataka dahil hindi siya likas na mapagtiwala.

Inilahad nito ang kamay. “I’m Linus. Joseph Linus Aguila.”

Tinanggap niya ang pakikipagkamay nito. “Maeve Gerona,” pagpapakilala niya sa sarili.

Hindi nito kaagad binitiwang ang kamay niya.

Ilang lalaki na ba ang nakamayan niya sa tanang

buhay niya? She had dated few men before going steady with Steven. Lahat ng iyon ay hinayaan niyang mahawakan siya sa kamay, ngunit walang epektong gaya ng dulot ng paghawak ni Linus sa kanyang kamay ngayon. May gumagapang na malakas na boltahe ng kuryente sa kanyang katawan. She was feeling feeble but at the same time ay bumibilis ang daloy ng dugo sa kanyang mga ugat. She felt weak yet so alive. Strange... Pero gusto niya ang kung anumang nararamdaman niya ngayong gabi.

Iginiya siya ng lalaki patungo sa mesa nito.

Ipinaghila pa siya nito ng silya. Nakita niyang tequila ang iniinom nito. Um-order siya ng strong margarita sa waiter.

“Whoa!” bulalas nito pagkaalis ng waiter sa kanilang mesa para kunin ang kanyang order. “May balak ka bang maglasing tonight?”

Tumawa siya. “Actually, oo,” honest na sagot niya. Iyon talaga ang pakay ni Maeve sa paglabas niya ngayong gabi—ang mag-enjoy kahit nag-iisa siya. Kaya niyang uminom at magpakalasing mag-isa. Nag-taxi lang siya pagpunta rito sa bar. At kung mayroong magtatangkang manloko sa kanya, hindi

sila sasantuhin ng pepper spray na dala niya sa kanyang purse. Siya naman ang nagtanong. “Ikaw, bakit ka nagpapakalasing?” sita niya.

“Boredom,” simpleng sagot nito, sabay kibit ng malapad nitong balikat.

Pagkabigay sa kanyang margarita ay mabilis niyang naubos iyon. Humingi ulit siya ng isa sa waiter.

Nagkakuwentuhan sila. Just about anything under the sun. Their conversation was smooth and free. Walang bahid ng pagkukunwari. Hindi siya nahihiya sa lalaki. Ganoon din ito sa kanya.

Hanggang sa kapwa na sila may tama ng alcohol.

Ngunit tila hindi pa sila kontento sa nainom. Um-order pa sila ng *Budweisser* beer.

“Do you have a boyfriend?” mayamaya ay tanong ni Linus. Halatang pilit nitong itinutuwid ang dila.

Natawa siya.

“What’s funny?” nagtatakang tanong nito.

“Kanina pa tayo nag-uusap and yet hindi tayo nagtatanong ng mga personal na bagay-bagay tungkol sa isa’t isa,” sagot niya.

“Does it matter?” tumatawang sabi nito.

Napalakas ang tawa niya. Okay, lasing na nga siya.

“I’m single. How about you?”

“Single and alone,” nakangiting sagot nito. Parang ikinasiya yata nito nang husto ang pagkakaalam na wala siyang boyfriend.

Nagkatitigan sila, walang namutawing ni isang kataga mula sa kanilang mga bibig. Halos sabay pa silang nagbawi ng tingin mula sa isa’t isa at sabay pang tumungga sa kani-kanyang bote ng beer.

“I gotta go to the ladies’ room,” paalam niya.

Maingat siyang tumayo. Ngunit muntik na siyang mabuwal nang ihakbang niya ang mga paa. Dapat yata kasi ay flat shoes ang isinuot niya ngayong gabi!

Madidisgrasya pa yata siya nang di-oras!

Mabilis namang tumayo si Linus at naalalayan siya. “Come on, I’ll take you there,” offer nito na hindi na niya tinanggihan.

Na-appreciate niya ang pagka-gentleman nito sa kanya. Lalo pa ang namalas niyang concern sa mukha nito.

Medyo hilo na si Maeve nang pumasok sa isang

cubicle sa ladies' room. Napalakas pa yata ang bagsak niya sa kanyang pang-upo sa toilet bowl at muntik na niyang mai-flush ang sarili. Lasing na nga siya, ngunit buhay na buhay pa rin ang diwa niya. Alam niyang lasing siya at may kasamang napakaguwapong lalaki ngayong gabi.

Inayos niya saglit ang buhok sa harap ng salamin sa harap ng lababo, nag-apply ng red wine lipstick sa mga labi, nagwisik ng dalang maliit na pabango. She felt freshened up nang lumabas na siya mula roon. Matiyaga namang naghihintay sa hallway si Linus, nakasandal sa dingding.

Damn, he was so gorgeous! God must have been in a very good mood when He created this man...

Nakangiti itong sinalubong siya at marahan siyang hinawakan sa braso. "Are you all right?" nag-aalala pang tanong nito. Tulad niya ay namumungay na rin ang mga mata nito.

"Yeah," sagot niya.

"We can go home if you want," anito. "It's getting late, anyway."

She pouted. "I don't wanna go home!" parang batang maktol niya. "Ang lungkot nang mag-isa sa bahay kaya nga ako lumabas."

Tumawa ito. “Pareho pala tayo ng dilemma.” Muli nitong isinandal ang sarili sa wall, hawak pa rin siya sa braso. “I’m not really a sociable person, pero nakakabingi din pala ang katahimikan pag nag-iisa ka sa bahay. Kailangan ko lang makarinig ng ingay ng outside world kaya ako napalabas ngayong gabi.”

Isinandal din niya ang likod sa dingding, ipinaling niya ang mukha sa lalaki. Nakatingin ito sa kanya.

“I’m not lonely, if that’s what you’re thinking right now,” mahinang sabi niya. Ayaw niyang magmukhang pathetic sa mga mata ng guwapong mamang ito. Isa pa, hindi naman talaga siya malungkot, hindi ba?

Yeah, right! Denial Queen ka pa diyan! kanyaw niya sa sarili.

Hanggang sa mapansin niyang magkadikit pala ang mga balikat nila. At ang kamay nitong kanina ay nakahawak sa kanyang braso ay lumipat na sa kamay niya, magkasalikop pa ang mga daliri nila.

“You’re very beautiful, Maeve...” anas nito, walang kakurap-kurap na nakatitig sa mukha niya.

Napalunok siya. Alam niya ang gustong gawin ng lalaki nang bumaba ang tingin nito sa mga labi niya.

He wanted to kiss her. At nagulat pa siya sa

natuklasan sa sarili. Gusto rin niyang halikan si Linus, tikman, damhin ang mga labi nito.

At natagpuan na lamang niya ang sariling nakikipagpalitan ng maalab na halik dito. Nakasandal pa rin siya sa dingding, habang ito naman ay lumipat sa kanyang harapan, nakadikit ang matigas na katawan sa kanya, mainit na inaangkin ang kanyang bibig. Ang dila nito ay sumasaliksik, tumitikim at sapat na iyon para siya ay magningas.

Epekto ng alcohol? She doubted it.

She also wanted this man. She wanted him like hell!

Weird. Ngayon lamang siya nilukuban ng ganito katinding pagnanasa. Desire have ignited her. A rising tide of physical pleasure was slowly overtaking her senses...

She moaned when she felt his hand on her thigh, awtomatikong iniangat niya ang isang binti, iniyakap dito upang bigyan ito ng lugar sa pagitan ng kanyang mga hita.

“Let’s get out of here,” bulong nito sa pagitan ng pagdampi ng mga labi nito sa kanyang leeg.

“Okay,” pagpayag niya.

3

He was going out of control and he knew it. Pero hinahayaan ni Linus ang sariling tangayin ng pagnanasa. Gusto niya ang babaeng kasama niya ngayong gabi. Nakakabaliw ang bango nito, ang lambot ng katawan. At nagkakagulo ang hormones niya sa katawan.

He wanted her and he should take her tonight. Pakiramdam niya ay para siyang isang higanteng bulkang sasabog anumang sandali.

Sa taxi pa lang na kinasasakyan nila ni Maeve ay panay na ang halikan nilang dalawa. They were both submerged in deep heat. Torrid passion had swallowed up both of them and there was nothing in this world that could stop them.

Nakuha niyang ilabas ang susi ng kanyang bahay, ngunit hindi siya magkandaugaga sa pagbubukas ng pinto. Hindi niya maipasok-pasok ang susi sa doorknob. And she was being impatient like him. They were not letting go of each other, their hands never ceased to touch each other's skin. Halos hindi sila makahinga nang maayos dahil ayaw maghiwalay ang mga labi nila.

“Oh, damn it!” bulalas niya nang hindi pa rin niya mabuksan ang pinto. Mag-do-doorbell sana siya nang maalalang day-off hanggang bukas ng kanyang mag-asawang kasambahay. Umuwi ang matatanda sa isang anak ng mga ito na nakatira sa Manila. Isa pa, kahit nandito ang dalawa, hindi makatarungang gisingin niya ang mga ito dahil may iniuwi siyang babae. Which made him realized, ngayon lamang pala siya nag-uwi ng babae sa kanyang bahay.

Binitiwang na ni Linus ang susi at iniyakap ang kamay sa baywang ni Maeve. She grabbed his collar and started kissing his neck. A loud groan escaped his mouth. Ano ang nangyayari sa kanya? He used to be in control in a situation like this. Ngayon ay nawawala siya sa sarili. All that he wanted was this woman, he wanted to devour her body, forge himself with her. Make them one...

Lumikha ng ingay ang pinto nang halos patulak na isandal niya roon ang dalaga. Hinila niya pababa ang damit nito, revealing her full breasts to him. With his expert hand kneading the other, he let his mouth caressed the other one. Narinig niyang umungol ang babae, humigpit ang hawak nito sa likod ng kanyang ulo na lalo lang nagpasidhi sa init na umaalipin sa kanya.

“W-wait,” tila nahihirapang sabi nito.

Umungol lamang siya, gumapang ang kanyang kamay sa pagitan ng mga hita nito ngunit pinigil nito iyon.

“W-what’s wrong?” dismayado at nagtataakang sita niya. “Don’t you want me, too?”

Humihingal ito, tulad niya ay tigib na rin ito sa pagnanasa. “I want you, too, b-but we can’t do this, Linus. Not right now,” sabi nito.

Lumaylay ang kanyang mga balikat.

“Gusto kong makasal bago—bago makipagtalik,” nakangiting pahayag nito.

Hindi na siya nag-isip. “All right.” Tiningnan niya ito sa mukha, mabilis na hinalikan sa labi. “Let’s get married.”

Tumawa ito. “Linus! Ano ba’ng pinagsasasabi mo?”

“We can get married now, Maeve. May kaibigan ang lolo kong isang judge. Siya ang nagkasal noon nang pasekreto sa nagtanang mga magulang ko. He could marry us right now.”

Nakita niyang kumislap ang mga mata nito.

“Okay,” pagpayag nito na sinundan ng isang tawa.
“Oh, my God, yes! Let’s get married now!”

She was drunk and she knew it. Ngunit hindi na pinigilan pa ni Maeve ang gusto niyang gawin sa gabing ito. For the very first time in her life, she felt liberated. Para siyang ibong nakawala sa isang hawla, isang asong nakawala sa pagkakatadana nang mahabang panahon.

May kakaibang epekto sa kanya si Linus at kinikilala at tinatanggap ng katawan niya nang buong-buo ang anumang epektong iyon. Hinahayaan lamang niya ang sarili. Gusto niyang sumakay sa hangin at dalhin siya nito kahit saan. Ngayong gabi, wala siyang pakialam.

Heto sila ngayon, sa harapan ng pupungas-pungas na matandang judge sa loob ng library ng bahay nito.

“Is this some kind of a joke, Joseph Linus?”
dudang tanong nito sa lalaki.

Tumawa si Linus. “Ginawa rin n’yo ito noon sa parents ko, remember?”

“Yes, but they were serious that time. Gusto

talaga nilang makasal. Saka hindi sila lasing noon.”

“Nakainom lang po kami, hindi pa lasing. Gusto talaga naming makasal ngayon na, Tito,” pilit ng binata na ayaw pakawalan ang kanyang baywang.

Gustong-gusto niya ang paghawak nito sa kanya. She felt wanted and needed. She felt important as a woman. And tonight, nothing else mattered, nothing else made sense to her. Bahala na si Linus sa gustong gawin sa kanya. Ipinapaubaya niya ang sarili rito. Kabaliwan na kung kabaliwan. Sinasakyan lamang niya ang nararamdaman niya ngayon. Nagiging tapat lamang siya sa sarili.

And somehow, she felt deep inside her that everything seemed so right and so perfect...

“Nas’an ang mga wedding rings?” sita pa ng judge.

“Saka na po ’yun!” inip namang sagot ni Linus.

Napakamot ito sa panot na ulo. “Ah, kids!” sumusukong palatak nito. Binuksan nito ang drawer ng malaking mesa at may inilabas itong mga papeles mula roon. “You have to fill these out. Bahala na ang secretary kong maglakad nito bukas sa city hall. These are application forms, pati na papeles na katibayan na nag-attend kayo ng pre-marriage counseling and

family planning seminar. Pepekehin na lamang ang date.”

Mabilis nilang sinulatan ang mga papel. Ni hindi niya alam kung tama ang pinaglalagay niyang mga impormasyon doon tungkol sa kanyang sarili. Pagkapirma nila ni Linus sa mga papeles ay inumpisahan na silang ikasal ni Judge Anselmo Villamor.

An intense excitement was creeping all over her and she was loving it.

“I now pronounce you man and wife. You can now kiss—” Naputol ang linya nito nang bigla na lamang siilin ni Linus ng halik ang mga labi niya. Napapalatak na lamang ang matanda.

Bago pa sila umalis ay binigyan sila nito ng isang bote ng mamahaling imported whiskey. “Galing pa ’yan sa España,” anito. “Good luck and best wishes on you both.”

“Thank you!” halos duet pang sabi nila rito. At ang lokong mister niya, hinalikan pa ang makinis na bumbunan ni Judge Villamor!

Mabilis ang mga pangyayari. Heto’t nakabalik na sila sa malaking bahay ng lalaki. At ngayon ay nagtagumpay na si Linus na mabuksan ang pinto.

“We have to celebrate first,” sabi nito, itinaas ang bote ng whiskey.

Lumapad ang ngiti ni Maeve.

Hindi nila namalayan kung paano nila naitumba ang malaking boteng iyon. Mataas ang alcohol content ng whiskey. At pakiramdam niya ay parang umiikot na ang buong paligid.

Linus started kissing his wife. He never felt this way before... this alive, this free. He was doing something extraordinary and he was enjoying the hell out of it. He loved the rush, the anticipation, the thrill. Pakiramdam niya ay nasa pinakatuktok siya ng mundo ngayon, kasama ang isang napakagandang babae.

Sa gitna ng pagkahilong nararamdaman dahil sa matapang na whiskey na ininom nila ay damang-dama pa rin niya ang katawan ni Maeve. Damang-dama pa rin niya ang epekto niyon sa katauhan niya. She was driving him crazy. His skin was quivering, his chest was pounding so hard. He was yearning for this woman more than anything else in this world.

Hindi na nila nakuhang pumasok pa sa kanyang kuwarto. Sa malapad at malambot na sofa sa kanyang

sala ay nagsasalo sila ngayon sa mainit na tagpo.

He wanted to take her right then but he stopped himself. He wanted this moment to be special. Slow and special. She deserved to be worshipped and wanted. At ipapalaspas niya rito ang kaluwalhatian na higit pa sa naibigay niya sa lahat ng mga babaeng nagdaan na sa kanyang mga kamay.

Ngunit nagulat siya nang hindi na gumagalaw si Maeve. Nakapikit ang mga mata nito, nakaawang ang mga labi.

Damn, nakatulog na ang babae!

Napailing si Linus. Sana ay hindi na lang niya binuksan ang lintik na bote ng whiskey na iyon. Pati tuloy siya ay inaantok na. Tinatalo ng antok ang lakas ng pagnanasang nararamdaman niya sa katawan. Namimigat na ang talukap ng mga mata niya. Nanlalabo ang lahat, bumabagal at tumatahimik ang mundo... hinihila siya patungo sa katiwasayan ng pagtulog.

Hindi na niya nagawang ibalik sa ayos ang damit ng asawa, hindi na rin niya nagawang isuot pa ang t-shirt niyang hinubad nito kanina. Iniyakap niya ang sarili sa babae bago sumuko ang buong katinuan sa kawalan.

Masakit na masakit ang ulo ni Maeve nang nagmulat ng mga mata. Napaigtad pa siya nang mapansing may nakayakap sa kanya na isang lalaki. At nasa iisang higaan sila!

A couch. Natulog siya sa isang couch sa isang estrangherong bahay kasama ang isang estrangherong lalaki?

Napahilot siya sa noo. No, he was not a stranger. Well, not anymore dahil kilala niyang Joseph Linus Aguila ang pangalan nito. Nakilala niya ito sa bar nang nakalipas na gabi, nakainuman, nakakuwentuhan. Nakahalikan...

Oh, my God! Naaalala niya ang lahat ng nangyari. Yes, she was crazily drunk but she was not out of her mind. Malinaw na malinaw ang mga pangyayari. She was on the verge of having sex with this man ngunit pinigil niya ito at sinabing gusto niya munang makasal bago makipagsiping. At nagpakasal nga sila nito sa isang matandang judge!

Napatutop siya sa bibig. Ganoon na ba siya kabaliw sa pagnanasa nang nagdaang gabi at gumawa ng ganoong kalokohan? Nagpakasal siya! Nagpakasal siya dahil gusto niyang makaniig ang lalaking ito na

nakilala lamang niya sa isang bar!

Bumalikwas siya ng bangon, ang siste ay nahulog sa carpeted floor ang lalaki.

Nagkukusot ng mga matang tumingin si Linus sa kanya. Saka niya natuklasang wala pala sa ayos ang kanyang damit. Nakalabas ang dibdib niya. Dali-dali niyang inayos ang sarili saka siya tumayo.

“Good morning,” bati nito, malapad ang ngiti. Tumayo na ito.

Inilayo ni Maeve ang tingin mula sa bare upper body nito, mula sa makinis nitong balat, flat abs and broad chest. Tumingin siya sa malaking grandfather’s clock; pasado ala una na ng hapon.

“Alam mo ba ang nangyari kagabi?” dudang tanong niya.

Bigay-todo itong nag-inat at ibinagsak ang pang-upo sa isang armchair doon. “Yeah, I know. We almost had sex,” he answered her lazily.

“Not that, you idiot!” singhal niya.

“Hey!” naniningkit ang mga matang singhal din nito. “Do not call me an idiot, woman! You were the one who told me you wanted to get married before getting laid.”

Nasapo niya ang noo. “And we got married,” nanghihinang sabi niya.

What got into her last night? Ganoon na ba kalakas ang tama ng margarita at *Budweisser* beer na ininom niya?

“Oh, don’t worry, void ang kasal na iyon,” parang bale-wala namang sabi nito. Naghikab ito, muling nagkusot ng mga mata.

“We signed some papers, Linus!”

Napatda ito. Hanggang sa parang tuluyang binalikan ng wisyo ito at biglang napatayo. “Shit!” Halos liparin nito ang isang console table kung saan may nakapatong na cordless phone. Mabilis itong nag-dial doon. “To Judge Villamor, please,” anito. “Tell him it’s Linus and it’s very important.” Punong-puno ng awtoridad ang boses nito.

Umupo siya sa sofa, pasimple pang tinakpan ni Maeve ng isang kamay ang isang hita niya nang mapansing nakatitig doon si Linus. Parang napapaso siya sa maiinit nitong mata.

Ilang saglit din ang lumipas bago nagsalita uli ang lalaki. “Yes, good afternoon, Tito.” Tumikhim ito habang nakikinig. “O-oh, ah, okay.” Napatingin ito sa kanya, sa mukha nito ay animo’y naka-flash

ang malalaking titik ng ‘we’re in trouble’. “All right, Tito... I... I was just checking. Yes. Uhm.... can I ask you a favor? Please don’t tell my family about this wedding. Huwag muna ngayon. It’s just that...” Muli itong tumingin sa kanya. Gusto na niyang pagpawisan at himatayin. “Hindi pa kami handa ni Maeve para harapin sila. Everything went too fast. Okay... Thank you very much, Tito. I appreciate it.”

Nalintikan na!

Naparehistro na raw ang kasal nila ni Maeve kaninang umaga sa city hall at dinala na rin ito sa *National Statistics Office*. Gaya ng sinabi ng judge sa kanila nang nakaraang gabi, pineke nga ang dates sa application forms. Pinalabas na one week ago pa sila nag-apply at kahapon ng umaga sila ikinasal. Malakas sa city hall si Judge Villamor. Kaya nitong manipulahin kahit ang mayor at alam iyon ni Linus. Pero alam din niyang kapag nairehistro na ang kasal nila ni Maeve ay hindi na mapu-pull out iyon.

“Hindi na natin mababawi iyon,” paliwanag niya sa asawa na nagsisimula nang mag-panic.

“This is not happening!” bulalas nito, nakapaang naglalakad nang paikot sa kanyang sala, gulo-gulo

pa ang buhok. But damn, she was still so lovely.

Imbecile! mura niya sa sarili. Dahil sa pagkabaliw niya sa kagandahan ng babaeng ito nang nakalipas na gabi kaya sila nasa balag ng alanganin ngayon.

Ikinasal lang naman sila ni Maeve Gerona!

Uh, well... at least, he remembered her name! Paano niya makakalimutan ang pangalan ng babaeng kauna-unahang gumulo sa sistema niya? Ang unang babae kung saan siya naakit at nabaliw nang husto?

Lasing ka lang kagabi, Linus! giit niya sa sarili ngunit nagsisinungaling lamang siya. Oo, lasing nga siya pero tunay ang lahat ng naramdaman niya. Ang pagkabaliw, ang pagnanasa...

“Hindi ba puwedeng magawan iyon ng paraan ng judge?” suhestyon pa ni Maeve.

“Gusto mong masira ang reputasyon ng kaibigan ng lolo ko? Magreretiro na siya next year!” kontra niya. Isa pa, reputasyon din niya ang masisira. Judge Villamor would be utterly disappointed with him. Heto siya, atat na nagpakasal nang nagdaang gabi pagkatapos ngayon ay uurong? Baka nguso pa ng shotgun nito ang itutok sa kanya!

Mabait ang matandang huwes pero ayaw na ayaw

nito sa mga taong nanloloko rito at nagsisinungaling. Isa pa, wala na talaga itong magagawa pa para bawiin ang rehistro ng kasal nila ni Maeve. Nasa NSO na nga, hindi ba?

Nagtaka pa nga ito nang tumawag siya kanina, duda ang boses. Nakakaramdam siguro ng gulo. Ngunit mabuti na lamang at naunahan siya nitong nagsalita. Ibinalita nito sa kanyang maayos na ang lahat ng papeles nila ni Maeve at ipapahatid na lamang sa bahay niya ang duplicate copies for him to keep.

Hindi niya kayang isipin kung paano ipapaliwanag sa matanda ang ginawang kalokohan. Baka atakehin ito pag nagkataon. And hell, pag nalaman iyon ng mismong lolo niya, baka ganoon din ang mangyari rito! Well, not that his grandpa would mind him getting hitched. Baka magpapiyesta pa ito nang di-oras. Ang ikakasama ng loob ng dalawang matanda ay kung malaman na nagpakasal lamang siya dahil siya ay pansamantalang nawala sa sarili mula sa pagkaakit sa isang magandang babae.

“At hindi lang basta-basta mababawi ang mga papeles sa NSO, criminal offense iyon!” sabi pa niya.

“Ano na’ng gagawin natin ngayon?” natatarantang tanong ni Maeve.

Lumapit siya rito at hinawakan ito sa magkabilang balikat. “Why are you panicking all of a sudden? Kagabi lamang ay atat na atat kang pakasal sa akin,” pilyong sabi niya just to relieve the tension.

Marahas nitong pinalis ang mga kamay niya. Tila ba nandidiri ito sa kanya.

“What the hell?” inis na naibulalas niya. Bakit parang naging galit na tigre ang babaeng ito? Nang nakaraang gabi lamang ay napaka-passionate nito sa kanya.

“Lasing lang tayo kagabi, Linus!” giit nito.

“Yeah, but we both knew what was happening.”

Tumaas ang boses nito. “Hindi pa rin tayo dapat nagpakasal!”

“Hey, I am warning you, woman! Do not scream in my house. Ako lang ang may karapatang magtaas ng boses dito. And let me just remind you na *ikaw* ang nagsabing gusto mong makasal kagabi.”

“I didn’t ask you to marry me. *Ikaw* ang nagyayang pakasal sa akin!” Hindi pa rin nito ibinababa ang boses.

“Pumayag ka naman!” nanggagalaiting sigaw niya pabalik.

Nagtaas ito ng mga kamay. “You know what, this is bullshit!”

“Yeah, this is bullshit!”

Hinagilap ni Maeve ang mga sapatos nito sa sahog. “We need to annul this marriage at once,” sabi nito.

“Alam mo ba kung gaano kahirap at kagastos ang annulment process dito sa Pilipinas?”

“Alam ko! Hindi ako tanga! Pero ano pa’ng ibang puwede nating gawin, Linus? We can’t just stay married!”

Ngumiti siya nang nakakaloko. “Why not? We’re compatible, I think. Sexually.”

Pinamulahan ito ng buong mukha. And that alone was enough to turn him on big time. Lihim siyang napamura. Kailangan niyang ikadena ang lintik niyang hormones. Nang dahil sa mga iyon kung bakit sila nasa magulong sitwasyon ngayon ni Maeve.

“I don’t want this marriage,” matiim nitong sabi.

Nakita niya sa mukha nito ang katigasan at pagkasuwail. Mga bagay na hindi niya nakita rito nang una silang magkakilala.

“Yeah, like I wanted to be married to you, too,” ganti niya.

“Then let’s end this right now.”

“I don’t want to disappoint Judge Villamor. Maghintay tayo ng ilang buwan. Besides, wala namang ibang taong nakakaalam na kasal tayo. We could still live our lives separately.”

“Fine!” sabi nito at walang paalam na nilayasan siya.